

# 1

Mabigat ang ulo ni Alyssa nang magkamalay. Unti-unti siyang nagmulat ng mga mata at iginala ang kanyang paningin. Napabalikwas siya mula sa pagkakahiga nang mapansing hindi pamilyar ang silid na kinaroroonan niya.

Hinahatid ng hangin sa kanyang pandinig ang marahas na hampas ng tila alon sa baybayin.

Where was she?

Nasa tabing-dagat ba siya?

Sa *Manila Bay*? Maaari dahil ilang minuto lang ang byahe mula sa tirahan nila sa Vito Cruz. Pero bakit siya nandito?

Isa lang ang hinalang pilit na pumapasok sa kanyang utak. Kagagawan ito ng kanyang madrasta, si Rebecca!

Kagyat niyang naalala ang pagtatapat sa kanya ng katulong nilang si Naty...

*“May pinaplanong hindi maganda para sa ’yo sina Ma’am Rebecca!”*

*Kalalabas lang niya ng banyo matapos makapag-shower nang palihim siyang kausapin ng katulong.*

*“P-plano?” aniyang kinabahan.*

*“Ipapa-rape ka nila kay Mayor Ballesteros para mapilitan kang pakasal sa lalaking iyon!”*

*Napahumindig siya sa narinig. “H-ho? P-pero bakit?”*

*“Baon na baon sa utang ang madrasta mo, hija! Ang bahay ninyo na tanging natira na lang sa ari-ariang iniwan ng ama mo ay nakasangla na. Hindi ba’t pati mana mo’y napakialaman na nila? At ang mayor na nangakong magsasalba sa kanya ay hiniling na maging kapalit ay ikaw!”*

*“Gan’on ba sila kasama, Aling Naty? Dahil lang sa pera ay pati buhay ko’y isasangla nila sa iba?” tila sasabog ang dibdib na tanong ni Alyssa.*

*Tiim ang mga bagang ng katulong nang tumango. “Oo, hija. Nakakalungkot at nakakagalit na ganyan ang pangalawang pamilyang natagpuan ng ama mo. At alam kong nasaan man siya ngayon ay hindi siya matatahimik sa mga nangyayari sa ’yo.”*

*She began to panic. “Tatakas ako ngayong gabi, Aling Naty!”*

*Minasdan ni Naty ang maamong mukha ni Alyssa. Ang kawawang dalagang minahal ng mga magulang ay nasa bingit ngayon ang buhay dahil sa tatlong ganid.*

*“Tama ang gagawin mo dahil kanina ay narinig ko na darating bukas ang matandang mayor para maisakatuparan na nila ang kanilang plano.”*

*“Mag-eempake lang ako ng ilang damit.”*

*“Tutulungan kita. Bilisan natin!”*

*Palihim nga silang nag-empake ng ilang damit niya. Malalim na ang gabi at nang tiyak niyang tulog na ang lahat ay palihim siyang lumabas ng kanyang silid. Dahan-dahang bumaba si Alyssa ng hagdanan hanggang makalabas ng front door.*

*Nasa tarangkahang bakal na siya nang magulat siya sa pagsulpot ng tatlo—si Rebecca at ang dalawa nitong anak na sina Ricky at Cindy!*

*“Saan ka pupunta?” sita ni Rebecca.*

*“Obvious ba, Mommy? Tatakasan tayo!” ani Ricky.*

*“Not so fast, hija,” ngisi ng kanyang madrasta at ipinakita nito ang hawak na syringe. “Alam mo kung ano ang laman nito? Ii-inject ko ang gamot sa ’yo para makatulog ka. Don’t worry, it won’t hurt a bit...”*

*A Promise to Forever - Connie C. Causing*

---

*Dinakma siya ng dalawa nitong anak at kahit anong panlalaban na ginawa ni Alyssa ay naramdaman niyang naiturok ang karayom sa kanyang braso. At ilang saglit lang ay unti-unti na siyang nawawalan ng ulirat....*

Gustong sumabog ang dibdib ni Alyssa sa kaba habang pinakiramdaman ang kanyang katawan. Naisakatuparan na ba ni Mayor Amante Ballesteros ang panghahalay sa kanya? Marahil ay hindi pa dahil wala siyang nararamdamang kakaiba o masakit sa anumang parte ng katawan niya maliban sa mabigat ang kanyang ulo.

Kahit balot ng takot ang buo niyang katauhan sa mga sandaling iyon ay sinikap niyang kalmahin ang sarili. Hindi siya dapat mawalan kaagad ng pag-asa. There could still be a way out!

Tumayo siya at hindi pa nakakahakbang nang ang pakiramdam niya ay parang gumiwang ang paligid. Agad siyang napakapit sa gilid ng kama, kaya hindi siya tuluyang bumagsak.

Tumuon ang pansin niya sa pinto at pinilit niyang makalapit doon. Malakas ang kutob niyang sarado iyon kaya bahagya lamang siyang na-disappoint nang matuklasang naka-lock nga iyon.

Muli siyang huminga nang malalim, pampakalma.

Kung sarado ang pinto, sarado rin kaya ang bintana?

Dagli siyang lumapit sa mga bintana. Nabuhayan siya ng loob nang hawiin niya ang mga blinds at makitang puwedeng buksan ang mga bintanang yari sa salamin.

Nang sumilip si Alyssa sa labas, namasid niyang masama ang panahon, ang dilim ay nakalambong sa paligid.

At natuklasan niyang hindi pamilyar ang paligid. Hindi ito *Manila Bay*. Hindi kaya nasa resort siya ni Mayor Ballesteros at ngayon na mangyayari ang sinabi sa kanya ng katulong? Saan kaya ito, sa Cavite o Batangas? Malakas ang kutob niyang nasa Batangas siya dahil iyon ang probinsya ng mayor.

Ngunit bakit ang bilis yata siyang nadala rito? Mula sa Vito Cruz ay kaagad siyang nadala sa lugar na ito?

Naalarma siya nang marinig ang paggalaw ng doorknob.

*Oh, God, no!* maiyak-iyak niyang naisaloob habang dumadagundong ang kanyang dibdib sa

takot.

Ayaw munang masiraan ng loob ang dalaga. Mabilis niyang iginalala ang paningin, nagbabakasakaling may makitang bagay na puwede niyang gamiting panlaban. Kahit ano!

Wala siyang nakitang matulis na bagay. Unti-unti na siyang pinanghihinaan ng loob. At bigla ay nahagilap ng paningin niya ang babasaging ashtray na nakapatong sa bedside table. Dagli niya iyong hinablot, itinago sa unan at saka bumalik muli sa kama.

Nagtulug-tulugan siya. Habang ang isang kamay niya ay nasa ilalim ng unan, hawak na ang ashtray.

She could feel her heart thumping wildly habang dinig din niyang tuluyan nang bumukas ang pinto at kung sinuman iyon ay nasa loob na. Dinig na dinig niya ang mga yabag nitong papalapit sa kanyang kinaroroonan.

Pigil ni Alyssa ang hininga habang hinihintay kung ano ang susunod na mangyayari.

Kaluskos lamang ang naririnig niya, kaya bahagya niyang idinilat ang mga mata. Lalo siyang natakot nang makitang naghuhubad ang taong pumasok ng silid.

Pumikit siyang muli, umusal ng taimtim na panalangin.

Halos mapaightad siya nang maramdaman ang mga kamay sa loob ng kanyang t-shirt. Gagahasahin na siya!

Mabilis niyang inilabas ang ashtray. Iyong mulat niyang iyon ay hindi na binigyan ng pagkakataong makaiwas ang salarin. Inihampas niya nang malakas ang ashtray sa ulo ng taong gustong lumapastangan sa kanya!

Lugmok ang hubad na katawan ng lalaki sa dibdib niya. Nanginginig ang mga kamay na sinikap niyang maitulak ito sa pagkakadagan sa kanya, pero sa unang attempt ay hindi niya kaya dahil sa sobrang bigat nito. Nang ulitin ni Alyssa ay inubos niya ang kanyang lakas at tuluyan nang naitulak ang katawan sa pagkakadagan sa kanya. Nagmadaling bumalikwas siya ng bangon at bumaba ng kama.

Tinitigan niya ang lalaking nakatihaya sa kama na tanging briefs ang naiwang saplot sa katawan. Nakilala niya ito, si Mayor Ballesteros nga! May takot na lumukob sa buong pagkatao niya nang mapansing may dugo ang ulo nito. Hindi kaya napatay niya ito?

Nanginginig ang kamay na pinulsuhan niya ito.

Buhay pa!

Kahit takot ay wala siyang sinayang na sandaling tinakbo niya ang bintana. Nakita niyang medyo mataas din ang kanyang lulundagan.

Huminga muna siya nang malalim para pampalakas ng loob. Hindi niya alam kung ano ang naghihintay sa kanya sa labas, ngunit pagkababa na lang niya ay doon niya iyon poproblemahin.

Nang makalundag sa buhangin, nagpalinga-linga siya sa kanyang paligid.

Tahimik. Napakatahimik. At lalo siyang kinabahan dahil baka nagtatago lang sa paligid ang mga bodyguards ng mayor at anumang sandali ay dadakmain siya sa dilim.

Paano siya makakatakas dito? Anong means ng transportasyon ang kanyang gagamitin? Kung tatakbuhin niya, tiyak na hindi pa siya nakakalayo ay matutuklasan na siya ay nawawala!

At mula sa kanyang pinagkukublihang mga halaman ay nakarinig si Alyssa ng mga hakbang at mga tinig na papalapit. Kinakabahang sumilip siya.

Sa kinaroroonan niya ay nakita niya si... Rebecca! Parang sasabog ang dibdib niya sa sobrang sama ng



loob sa madrasta. Naisip niyang bakit hindi na lang kaya ang anak nitong si Cindy ang ibenta?

Patalilis siyang tumakbo palayo sa resthouse. Bahala na kung saan siya dadalhin ng kanyang mga paa. Ang mahalaga ay makalayo si Alyssa.

At hindi na niya napigilang mapabulalas ng iyak habang patuloy sa pagtakbo dahil na rin sa haluhalong damdaming nararamdaman.

Pulos mga pagsubok na lang ang nangyayari ngayon sa buhay ni Alyssa.

Her mother died when she was ten at sobrang sakit na naramdaman niya nang maulila siya rito. Tutol man siya ay hindi niya pinigilan ang ama nang mag-asawa itong muli. Sa simula pa lamang ay hindi na niya kasundo ang madrasta pati na ang dalawa nitong anak. At nang mamatay ang daddy niya two years ago ay nagmistulang impyerno ang buhay niya.

Pinilit niyang pakitunguhan nang maganda ang mga ito kahit na ang turing sa kanya ay alila. Hindi na nga siya nakapagpatuloy ng pag-aaral.

And now, muntik pa siyang magahasa ng isang taong ni sa hinagap ay hindi niya mamahalin!

Natigilan si Alyssa sa nakita.

Isang speedboat!

Sa di-kalayuan ay naroon ang sasakyang-pandagat. Speedboat ang ginamit ng mga ito para dalhin siya rito. Lalo siyang nakaamoy ng panganib. Mukhang planadong-planado na ang lahat. Ganoon ba kalaki ang pagkahumaling ng mayor sa kanya? Kung tutuusin ay marami pang mas magaganda sa kanya!

Bigla ay nabuhayan siya ng loob nang may maisip. Puwede niyang gamitin ang sasakyan sa pagtakas.

Wala siyang sinayang na oras, patakbo niyang tinungo ang kinaroroonan ng speedboat. Inubos niya ang lahat ng lakas niya sa pagtulak sa sasakyang-pandagat. Sumakay siya at naupo, facing the motor. Binuksan niya ang tank vent at dinala ang gearshift sa neutral at pagkatapos ay pinindot niya ang starter button. Salamat na lang na noong nabubuhay pa ang kanyang daddy ay naturuan na siya kung paano ang magpatakbo ng motorboat. Mahilig kasing mag-island hopping ang ama niya at lagi siyang isinasama.

Nang nasa laot na si Alyssa, bigla siyang nakaramdam ng takot dahil lalong sumama ang langit. Marahas na sumisipol ang hangin at nakakumot sa kalangitan ang nag-aalimpuyong maitim na ulap kaya

hindi man lang makasilip ang buwan.

Natagpuan niya ang isang life vest sa sulok ng speedboat at dagli niya iyong isinuot sa katawan, paghahanda sa kung anuman ang mangyayari.

Kitang-kita ng dalaga ang paghugis ng kidlat sa madilim na langit at nagsimula na siyang mag-panic nang sumaboy sa kanyang mukha ang ulan at maalat na tubig na dala ng malakas na hangin.

Mahigit isang oras na siguro siyang naglalakbay nang sa tindi ng pagkatakot ay tumigil ang speedboat. Nang tingnan niya ang fuel gauge, wala nang laman.

Napatili siya nang isang hampas ng malakas na alon ang muntik nang magpataob sa kanyang sasakyan.

*Lord, 'wag Mo akong pababayaang...* taimtim niyang dasal na napakapit sa gilid ng speedboat habang patuloy sa paghagupit ang malakas na hangin.

Sa panghihilakbot ni Alyssa, kitang-kita niya ang dalawang higanteng alon na magkasalubong na pasalpok sa kanyang sasakyan. Wala siyang nagawa kundi pakawalan ang isang tili bago siya tumilapon sa nag-aalimpuyong dagat.

## 2

Napasigaw si Alyssa at parang nalulunod na kumapit siya sa isang solidong bagay na nakayakap sa kanya habang patuloy siya sa pagkawag at pagsinghap.

“Hush now... You’re safe.”

Natigilan siya at saka dumilat. Doon lamang niya napagtantong wala na siya sa tubig bagkus ngayon ay may dalawang matitipunong braso na nakayakap sa kanya at ang noo niyang mabigat at masakit ay nakadikit sa isang malapad na dibdib, like a solid wall.

Pigil ang hiningang tiningala niya ang mukha ng taong umaalo sa kanya, may pangamba sa kanyang dibdib. Takot na ang mukha ni Mayor Ballesteros ang matagpuan niya, but instead she met a pair of gorgeous deep-set brown eyes staring back at her.

Nahihimasmasang kumalas si Alyssa sa estranghero at takot na umusod palayo rito.

“Don’t be afraid,” the gorgeous man said gently.

Natagpuan ni Alyssa na mababa ang timbre ng boses nito. Malamig sa pandinig. Parang sa tinig pa

lang ay mapapaibig ka na. At hindi ito mukhang bodyguard ng mayor kahit na matipuno ang pangangatawan.

Pero wala siyang intensyong magtiwala agad sa lalaki. Malay ba niya kung hindi nga ito bodyguard ni Mayor Ballesteros, ngunit may koneksyon naman ang mga ito sa isa't isa?

“Natagpuan kita sa laot kagabi. Pabalik na ako sa resort nang hindi sinasadyang makita ka.”

Maniniwala ba siya sa lalaki na coincidence nga lang ang pagkakakita nito sa kanya at hindi ito inutusan ng mayor na sundan siya?

Tahimik niyang tinitigan ang kaharap. Napagtanto ni Alyssa kung gaano ito kaguwapo. Walang maipipintas. Perpekto ang features nito mula sa malalamlam na mata hanggang sa maninipis na labi...

“Nagkataong nasa laot din ako nang mga sandaling nakikibaka ka sa lupit ng mga alon. Napansin kita habang minamaneho ko ang speedboat ko pabalik sa resort dahil biglang sumama ang panahon. At nang kuhanin ko ang binoculars at sipatin, napatunayan kong isa ngang babae ang nasa laot. Helpless at walang malay...”

Nanariwa sa kanyang alaala ang pinagdaanang bangungot. Parang hahagulgol siya ng iyak. Akala niya ay katapusan na talaga niya.

“Thank you for saving me. I owe you my life,” may garalgal sa tinig na tugon niya. Hindi alam ng lalaki kung gaano siya ka-grateful sa ginawa nitong pagsaklolo sa kanya.

Biglang naramdaman ni Alyssa ang pangingirot ng kanyang noo. Awtomatikong hinipo niya ang parteng masakit at natagpuan niyang may benda iyon.

“Does it hurt?” nasa tinig nito ang labis na concern.

Muli siyang napasulyap sa lalaki. Ibinaba niya ang kamay na nakasapo sa noo. “Kumikirot...”

“It was the doctor who dressed your wound last night,” paliwanag nito. “I was damn glad the only damage is your little wound on your forehead. Iyan ay maaaring nakuha sa pagkakauntog mo sa isang matigas na bagay nang tumilapon ka sa dagat. Wala naman daw dapat na ikabahala, s’abi ng doktor na sinundo ko para tumingin sa ’yo. The cut is not deep at hindi ka nagtamo ng concussion.”

Should she trust the guy? Mukhang mabuting

tao naman ito.

*But looks can deceive...*

“Ako pala si Drew. Drew Montero. Puwede ko na bang malaman ang pangalan mo?”

Halata ang kanyang hesitation. For a moment ay naisip niyang mag-imbento ng pangalan, but she dismissed the whole idea.

She took a deep, shaky breath. “A-Alyssa. Alyssa Sebastian.”

“Kasalukuyan akong nagbabakasyon dito. Ikaw, bakit nasa laot ka? Bakasyonista ka rin ba? May mga kasama ka ba?” urirat nito.

“H-hindi ako bakasyonista. At wala rin akong mga kasama...” aniyang halata na guarded pa rin ang emosyon.

He nodded. “At saka pala, narito ka sa San Juan, Batangas. Sa resort ko.”

*Batangas pa rin*, disappointed na naisaloob ng dalaga. Hindi pa rin siya nakakalayo kay Mayor Ballesteros! At hindi pa rin niya masasabing ligtas siya. Maimpluwensyang tao ang mayor at kung ipagpapatuloy pa rin ang paghahanap nito sa kanya, sa dami ng koneksyon ay tiyak na matutunton siya.

At kung magkagayon nga'y baka baligtarin si Alyssa at gawan ng kuwento para maipakulong siya dahil nasaktan niya ito.

Pero sana sa nangyari ay nawalan na ng gana sa kanya ang mayor. Marami naman itong makikitang babae. At higit na magaganda.

Kung sakaling natuluyan ito sa ginawa niya, malalaman din naman niya iyon dahil tiyak na kakalat ang balita.

Tuloy, parang gusto niyang manood ng TV o magbasa ng diyaryo para mai-update siya sa anumang balita tungkol sa maniac na mayor.

“Sandali lang at ikukuha kita ng makakain. You’ve been sleeping the whole day and I know you’re hungry,” anang lalaki.

Bigla nga niyang naramdaman ang pang-aasim ng sikmura niya. Kailan pa iyong huli niyang kain?

“Hapon na at magmula kagabing iniahon kita sa dagat ay ngayon ka pa lang gumising.”

Namula ang kanyang mga pisngi. Natagpuan niya ito sa kanyang tabi. Gaano na katagal siya nitong pinapanood habang siya ay natutulog?

Sinundan ni Alyssa ng tanaw ang lalaki nang



tunguhin nito ang pinto para ikuha siya ng pagkain. Muli niyang naramdaman ang panghahapdi ng kanyang sikmura sa gutom.

Napabuntung-hininga siya nang mag-isa na lamang siya sa silid. Parang isang masamang panaginip ang nangyari sa kanya nang nakaraang gabi. Pero alam niyang muntik na siyang mamatay sa laot. Kung hindi lang kay Drew ay baka pinaglalamayan na siya ngayon.

Hindi! Baka naging hapunan na siya ng mga pating kagabi!

She shuddered at the thought.

Inilibot ni Alyssa ang paningin sa magandang silid na kinaroroonan—elegant and luxurious, in pink wallpaper.

Ilang minuto na rin siyang nag-iisa nang may marinig siyang katok sa pinto bago iyon bumukas.

Pumasok ang may-edad na babae at may dalang tray. Nakangiti ito. “Kumusta na ang pakiramdam mo?”

“M-mabuti naman po.”

Inilapag nito ang hawak sa bedside table.

“Kumain ka na, hija. Buong araw na walang laman ’yang tiyan mo. Mabuti na lang at nagising ka na.”

“Salamat po,” aniyang lalong naramdaman ang gutom nang maamoy ang masarap na aroma ng pagkaing dinala sa kanya.

Iniabot nito sa kanya ang isang mangkok.

“Unahin mo ang sabaw para mainitan ang sikmura mo.”

Sinimulan nga niyang kutsarahin ang mainit-init na likido. She was grateful nang lunukin ang mainit na sabaw at nalamnan ang nanghahapdi niyang sikmura.

“Ako pala si Rosing, ang katiwala sa resthouse na ’to. Magkatuwang kami ng asawa ko’t dalawang anak na lalaki.”

Nakangiting tumango si Alyssa habang patuloy sa pagsubo. Medyo nahiya pa siya nang makitang tuwang pinapanood siya nito.

“P-pasensya na po at gutom talaga ako.”

“Sus! Huwag kang mahiya. Kain ka lang nang kain.”

Ngumiti siya. “Salamat po.”

“At saka pala, ano ba’ng nangyari at nasa laot ka nang matagpuan ka ni Sir?”

Saglit siyang nawalan ng kibo nang mag-flash sa balintataw niya ang nakakahumindig na karanasan niya sa dagat. Akala niya talaga ay katapusan na niya!

“M-mahaba pong salaysayin, Aling Rosing,” paiwas niyang tugon sa malungkot na tinig.

“Kagabi, habang buhat-buhat ka niya, hindi siya magkamayaw. At halos paliparin niya ang kotse sa pagsundo ng doktor na titingin sa ’yo.”

“G-gan’on po ba?” Agad siyang nakaramdam ng paghanga sa kabaitan ni Drew na kahit isang estranghero siya ay handa siya nitong tulongan. “Ang bait talaga ng amo n’yo, Aling Rosing. Ginawa niya ’yon kahit hindi niya ako kilala.”

“Sadyang napakabait ng batang ’yon, hija. At marahil, isinugo siya ng Diyos para iligtas ka. Salamat na lang at sa mga sandaling ’yon ay nasa laot din siya kaya nakita ka niya.”

Napahugot siya ng buntong-hininga. Naisip niyang napakalaki talaga ng utang na loob niya kay Drew. Maaaring isinugal din nito ang buhay para

mailigtas siya. Hindi ba't masungit ang panahon nang gabing iyon? Marahil ay nagmamadali na itong makabalik sa resort, pero nang matanawan siya ay hindi nagdalawang-isip na sagipin siya.

“Taga-rito ho ba talaga si Drew?” curious niyang tanong.

“Bakasyunan lamang niya ito, ineng. Paminsan-minsan ay pumupunta siya dito lalo na kapag summer. Pero ngayon lang siya nagtagal dito. Dati ilang araw lang siyang naglalagi at babalik na agad sa Maynila. Ngayon, mag-iisang buwan na siya dito.”

“Binata pa po ba siya?” Muntik na niyang makagat ang dila sa pang-uurirat.

“Oo, binata pa siya. At sa pagkaalam ko’y wala rin yata siyang nobya sa kasalukuyan. Break na sila n’ong girlfriend niya na si Ma’am Trixie.”

Napaisip si Alyssa kung ano kaya ang dahilan at nagkalabuan si Drew at ang Trixie na iyon. Hindi kaya nagsisisi ang babae at pinakawalan pa ang isang katulad ng binata?

Sa part ni Drew na guwapo na at mayaman pa, marami ang babaeng magkakandarapa rito kaya madali itong makahanap ng kapalit.

Bigla siyang natigilan at pinamulahan ng mukha. Bakit ngayon lang niya napansin ito? Ang suot niyang damit ay iba. Isang malaking t-shirt at wala siyang anumang panloob. Samakatuwid, hinubaran siya! At sino?

Napansin ng babae ang pagkakatigagal niya. “Bakit, ineng?”

“Sino po ang nagbihis sa akin?”

“Huwag kang mag-alala, ineng, ako ang nagbihis sa 'yo matapos kitang punasan ng basang bimpok kagabi para mapreskuhan ka. At 'wag ka ring mag-alala,” anitong biglang ngumiti, “hindi nanood si Sir Drew habang pinupunasan kita at binibihisan kagabi. 'Yang t-shirt pala na suot mo'y galing sa kanya.”

Nakahinga siya nang maluwag sa narinig. Hindi niya alam kung kaya pa niyang pakiharapan ang lalaki kung saka-sakaling ito ang nagbihis sa kanya.

Natapos siyang kumain at kinuha ng katiwala ang tray para dalhin sa labas.

“Kung ikaw ay mainip, libutin mo 'tong beach house.”

“Hindi po kaya magalit si Drew?”

“Sus! Si Sir, magagalit? Kung siya ang kausap

mo ngayon ay baka samahan ka pa niyang maglibot. Nasa study room siya ngayon. Nagkaroon ng biglaang tawag kanina lang. Dapat nga'y siya ang magdadala ng pagkain mo. Palagay ko'y business call 'yon. Kahit naman kasi nandito si Sir ay inaalam niya ang lahat ng nangyayari sa mga negosyo nila sa Maynila."

Naalala niyang t-shirt lang ang suot niya at wala siyang anumang damit-panloob. "Naku, nakakahiya pong lumabas na ganito ang suot ko, Aling Rosing..."

Napangiti ang babae. "Wala ka nga palang damit-panloob. Teka, hiramín mo muna 'yong isang roba ni Sir Drew. Kukunin ko lang sa silid niya. Hintayin mo ako."

Nang wala na ang katulong ay tinungo ni Alyssa ang bintana at dumungaw. Unti-unti nang kinakagat ng dilim ang paligid. Natagpuan niyang ang beach house na kinaroroonan ay nakapanungaw sa dalampasigan.

Bumukas ang pinto at nang lingunin niya ay inasahan niyang si Rosing ang dumating, pero sumikdo ang puso niya nang makitang si Drew pala.

"Hi!" nakangiting bati ng guwapong lalaki. "Pasensya na at ngayon lang kita nabalikan. Ang s'abi ni Aling Rosing ay nakakain ka na raw."

“Oo at salamat.”

“Nabusog ka ba?”

“Masarap ang pagkain,” aniyang nakangiti.

“Mabuti naman. Ito pala ’yong damit mo. Pinalabhan ko kay Aling Rosing.” Iniabot nito sa kanya ang damit.

Nakilala ni Alyssa ang t-shirt at pants na hawak nito. Sa kanya nga ang mga iyon. Iyon ang suot niya kagabing muntik na siyang magahasa at mamatay.

Tinanggap niya ang mga iyon, grateful na makakapagbihis na siya ng sarili niyang damit.

Tinungo ni Drew ang isang pinto sa loob ng silid. “This is the ensuite bathroom. Ihahanda ko lang ang hot bath mo para mapreskuhan ka na.”

Nahihiyang sinundan niya ng tanaw ang lalaking pumasok sa naka-incorporate na banyo ng silid na ginagamit.

Narinig niya ang buhos ng tubig, marahil ay pinupuno nito ang bath tub.

Ilang saglit pa’y bumalik sa silid ang guwapong binata. “Your hot bath is ready. Take your sweet time.”

Nakaka-overwhelm talaga ang pag-aalala at pag-

aasikaso sa kanya ni Drew. Ang mga katulad nito ay madaling mahalín. Ang kaguwapuhan nito ay bonus na lamang.

“Thank you...”

“Sa may labas lang ako ng silid mo. Just in case you need something, tawagin mo lang ako.”

“Oh, no,” aniyang umiling, sobra nang abala ang ginagawa niya sa lalaki at nahihiya na siya rito. “I-ituloy mo na kung anuman ’yong ginagawa mo. Wala na siguro akong kailangan.”

He looked at her doubtfully. “You’re sure?”

Tumango siya.

“All right, then. Kung naiinip ka pala, puwede mong libutin ’tong beach house. Pasensya na kung hindi muna kita masamahan dahil aalis ako mamaya at may imi-meet akong tao.”

“Okay lang,” agad niyang tugon na natutuwa at nagpapaalam pa ito sa kanya.

Tinungo ni Alyssa ang banyo nang makalabas na si Drew. Matapos na hawiin ang shower curtain ay naghubad na siya ng damit.

She sighed in contentment, feeling her body relax



because of the bubble bath.

Naalala ni Alyssa ang dati niyang buhay. Naranasan din naman niya ang magarbong pamumuhay. Her father was a successful lawyer and her mother was a doctor. Parehong masipag ang kanyang parents, kaya maraming na-invest na properties ang mga ito. But sad to say, ang lahat ng iyon ay nawala dahil kay Rebecca.

---

Takip-silim na nang lumabas siya ng kanyang silid at nilibot ang resthouse. It was awesome. It was set in a landscaped garden with luxuriant tropical plants and trees, a swimming pool and was equipped with the amenities of a first-class hotel. May jacuzzi at infinity pool din ito.

Dumiretso siya sa beach.

Ang karagatan ay nagsasaya sa kaaya-aya at ginintuang repleksyong naaamot dito. Tuwang pinanood niya ang mga alon sa dagat.

Naramdaman niyang tila may nakamasid sa kanya. Iginala niya ang paningin at tila huminto sa pagtibok ang kanyang puso nang tumama ang mga mata niya kay Drew.

Lumakad ito papalapit sa kanya. Tense siya habang hinihintay ito.

“Hello,” he said, his mouth breaking into a dazzling grin.

“H-hello,” aniyang pinilit nagpapakaswal ng kilos. “Akala ko ba’y aalis ka?”

“Hindi natuloy ang kausap ko... Do you like the view?”

“Yes, it’s breathtakingly beautiful. Pati na rin ang sunset ay masarap panoorin. So peaceful...”

For a few moments, they stood there in a companionable silence. Nang sulyapan niya ang katabi ay nakatanaw ito sa malayo at payapa ang anyo.

Malamig ang hanging humahaplos sa balat ng dalaga. Naisip niyang hindi siya lalamigin kung may kayakap siya. At mas masarap ang pakiramdam kung mismong mga bisig ng guwapong lalaking ito ang nakayakap sa kanya.

Biglang lumingon sa kanya si Drew at nang mahuli ang kanyang tingin ay sumilay ang ngiti sa mga labi nito.

Nahihiyang dagli niyang iniwas ang tingin dito.

Bakit kaya tuwing tititigan siya ni Drew ay may pananabik na napupuno sa kanyang dibdib?

“Alyssa...”

“Y-yes?” aniyang sumulyap muli rito.

“Huwag ka sanang matakot sa akin,” anitong seryoso na ang mukha. “I could feel your fear. Trust me. Hindi ako masamang tao. Kahit hindi kita tanungin ay halata kong may pinagdaanan kang hindi maganda. I will not force you to tell me. Gusto ko lang malaman mo, you’ll be safe with me.”

Ramdram niya ang sinseridad ng sinabi ng binata at parang maiiyak siya sa sobrang gratitude dahil nakatagpo siya ng kakampi. She felt she really was safe with him.